

# PINATAY-NA-VIRUS NA BAKUNA SA TRANKGKASO

## ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN 2009-10

Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna ay maaaring makuha sa Espanyol o iba pang mga wika. Tingnan ang [www.immunize.org/vis](http://www.immunize.org/vis).

### 1 Bakit magpapabakuna?

**Ang trangkaso ("flu") ay isang sakit na nakakahawa.**

Ito ay sanhi ng virus ng trangkaso, na maaaring maikalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahin, o mga lumalabas galing sa ilong.

Ang ibang mga sakit ay may mga katulad na sintomas at madalas na napagkakamalang trangkaso. Pero ang tunay na trangkaso ay ang sakit na sanhi ng virus ng trangkaso.

Kahit sino ay puwedeng matrangkaso, pero ang pinakaramami sa mga natatrangkaso ay mga bata. Para sa karamihan ng mga tao, ito ay tumatagal ng ilang araw lamang. Ito ay puwedeng maging sanhi ng:

- lagnat
- pananakit ng lalamunan
- ginaw
- pagkahapo
- ubo
- sakit ng ulo
- pananakit ng kalamnan

Ang ilang tao, tulad ng mga sanggol, matatanda, at ang mga may partikular na mga kondisyong pangkalusugan, ay maaaring lalong magkasakit. Ang trangkaso ay maaaring maging sanhi ng mataas na lagnat at pulmunya, at ginagawang mas malala ang mga kasalukuyang kondisyong medikal. Ito ay maaaring maging sanhi ng pagtatae at atake sa mga bata. Pangkaraniwan, may 226,000 tao na naospital taun-taon dahil sa trangkaso at may 36,000 na namamatay – karamihan ay matatanda. **Nagagawa ng bakuna sa trangkaso na pigilan ang trangkaso.**

### 2 Pinatay-na-virus na Bakuna sa Trangkaso

May dalawang uri ng bakuna sa pana-panahong trangkaso:

1. Ang **pinatay-na-virus** (ginawang hindi aktibo) na bakuna o ang "iniksiyon sa trangkaso" ay ibinibigay sa pamamagitan ng iniksiyon sa kalamnan. 2. Ang **buhay, pinahina** (binawasan ang lakas na) bakuna sa trangkaso, ay iwiniwisik sa mga butas ng ilong. *Ang bakunang ito ay ipinaliwanag sa isang hiwalay na Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna.*

Ang mga bakunang ito sa "pana-panahong" trangkaso ay ginagawa upang hadlangan ang taunang trangkaso. Ang mga ito ay hindi nagpoprotekta laban sa pandemikong H1N1 na trangkaso.

Ang mga virus sa trangkaso ay laging nagbabago. Dahil dito, ang mga bakuna sa trangkaso ay isinasapanahon taun-taon, at ang taunang pagbakuna ay inirekomenda.

Bawat taon sinisikap ng mga siyentipiko na itumbas ang mga virus ng bakuna sa pinakamalalang na nagiging sanhi ng trangkaso sa taon na iyon. Kung may malapit na katumbas ang bakuna ay nagprotektta sa karamihan ng tao sa malubhang sakit na may kaugnayan sa trangkaso. Pero kahit na walang malapit na katugma, ang bakuna ay nagkakaloob ng ilang proteksiyon. Ang bakuna sa trangkaso ay *hindi* humahadlang sa mga sakit na "kagaya ng trangkaso" na dulot ng mga ibang virus.

Umaabot ng hanggang 2 linggo para mabuo ang proteksiyon pagkatapos ng iniksiyon. Ang proteksiyon ay tumatagal ng hanggang isang taon.

May pinatay-na-virus na bakuna sa trangkaso na nagtataglay ng preserbatibong tinatawag na thimerosal. May mga tao na nagmungkahi na ang thimerosal ay maaaring may kaugnayan sa mga problema sa pag-unlad ng mga bata. Noong 2004 ang Institute of Medicine ay nirepaso ang maraming pag-aaral na tumitingin sa teoriyang ito at sinabing walang ebidensiya ng ganitong kaugnayan. Ang bakuna sa trangkasong walang thimerosal ay maaaring makuha.

### 3 Sino ang dapat tumanggap ng pinatay-na-virus na bakuna sa trangkaso?

*Sinumang na gustong bawasan ang kalamangan na matrangkaso o maikalat ang trangkaso sa ibang mga tao.*

*Ang mga batang 6 na taong gulang at mas matanda at lahat na mga mas nakatatandang may sapat na gulang:*

- Lahat ng mga bata mula 6 na buwan hanggang 18 taong gulang.
- Sinumang 50 taon ang edad o mas matanda.

*Sinumang nanganganib sa komplikasyon mula sa trangkaso, o mas malamang na mangailangan ng medikal na pangangalaga:*

- Mga babaing **magdadalantao** sa panahon ng trangkaso.
- Sinumang may **mga pangmatagalang problema sa kalusugan** dahil sa:
  - sakit sa puso
  - sakit sa bato
  - sakit sa atay
  - sakit sa baga
  - metabolikong sakit, tulad ng diabetes
  - hika
  - anemia, at ibang mga karamdaman ukol sa dugo
- Sinumang may **mahinang sistema ng panlaban sa sakit** dahil sa:
  - HIV/AIDS o ibang mga sakit na nakakaapekto sa sistema ng panlaban sa sakit
  - pangmatagalang paggamot sa pamamagitan ng droga tulad ng steroids
  - paggamot sa kanser sa pamamagitan ng mga eksrey o droga
- Sinumang may **partikular na sakit sa kalamnan o nerbiyo** (tulad ng mga sakit na sumpung o atake o matinding cerebral palsy) na maaaring humantong sa mga problema sa paghinga o paglunok.
- Sinumang 6 na buwan hanggang 18 taong gulang **na nasa pangmatagalang paggamot ng aspirin** (sila ay maaaring magkaroon ng Reye Syndrome kung sila ay magkasakit ng trangkaso).
- **Mga residente ng mga bahay ng pangangalaga at ibang mga pasilidad ng pangangalaga ng hindi gumaling-galing na sakit.**

*Sinumang kasama sa bahay o nag-aalaga ng mga taong malaki ang panganib na magkaroon ng mga komplikasyong kaugnay ng trangkaso:*

- **Mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.**
- **Mga nakakaugnay sa bahay at mga tagapag-alaga ng mga bata** mula sa pagsilang hanggang 5 taon ang edad.
- **Mga nakakaugnayan sa bahay at mga tagapag-alaga ng**
  - mga taong 50 taon ang edad at mas matanda, o
  - sinumang may mga kondisyong medikal na inilalagay sila sa mas malaking panganib na magkaroon ng matinding komplikasyon mula sa trangkaso.

Ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay maaari ring magrekomenda ng taunang bakuna sa trangkaso para sa:

- Mga taong nagkakaloob ng **mahalalagang serbisyo sa komunidad.**
- Mga taong nakatira sa **mga dormitoryo, mga pasilidad ng pagwawasto**, o namamalagi sa ibang mga lugar na **sisiksikan ang mga tao**, upang mapigilan ang paglaganap.
- Mga taong malaki ang panganib na magkaroon ng mga komplikasyon sa trangkaso na **naglalakbay** sa Timog na bahagi ng mundo sa pagitan ng Abril at Setyembre o naglalakbay sa tropiko o sa mga inorganisang grupo ng mga turista sa anumang panahon.

## 4

### Kailan ako dapat tumanggap ng bakuna sa trangkaso?

Makukuha ninyo ang bakuna sa sandaling maihanda ito, karaniwan ay sa taglagas, at hanggang ang sakit ay nangyayari sa inyong komunidad. Ang trangkaso ay maaaring mangyari kahit kailan mula Nobyembre hanggang Mayo, pero ito ay pinakamadulas na matindi sa buwan ng Enero o Pebrero. Ang pagpapabakuna sa Disyembre, o kahit sa mas huli, ay magiging kapaki-pakinabang pa rin sa karamihan ng mga taon.

Karamihan sa mga tao ay nangangailangan ng isang dosis ng bakuna sa trangkaso bawat taon. **Ang mga batang wala pang 9 na taon ang edad na tumanggap ng bakuna sa trangkaso sa unang pagkakataon** – o tumanggap ng bakuna sa trangkaso sa unang pagkakataon noong nakaraang panahon ngunit tumanggap lamang ng isang dosis – ay dapat tumanggap ng 2 dosis, nang hindi kukulangin sa 4 na linggo ang pagitan upang maprotektahan.

Ang bakuna sa trangkaso ay maaaring ibigay na kasabay ng ibang mga bakuna, kabilang ang pneumococcal na bakuna.

## 5

### May mga tao na dapat munang makipag-usap sa isang doktor bago tumanggap ng bakuna sa trangkaso

May mga taong hindi dapat tumanggap ng pinatay-na-virus na bakuna sa trangkaso o dapat maghintay bago tumanggap nito.

- Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay may **malubha** (nagbabanta sa buhay) na mga alerhiya. Ang mga reaksiyong alerhiya sa bakuna sa trangkaso ay bihira.
  - Ang virus ng bakuna sa trangkaso ay binubuhay sa mga itlog. Ang mga taong may malubhang alerhiya sa itlog ay hindi dapat tumanggap ng bakunang ito.
  - Ang malubhang alerhiya sa anumang sangkap ng bakuna ay isa ring dahilan upang huwag tumanggap ng bakunang ito.
  - Kung nagkaroon ka na ng malubhang reaksiyon pagkatapos ng naunang dosis ng bakuna sa trangkaso, sabihin sa iyong doktor.
- Sabihin sa iyong doktor kung nagkaroon ka na ng Guillain-Barré Syndrome (isang malubhang sakit na pagkalumpo, tinatawag din na GBS). Maaari kang gumanggap ng bakuna, pero dapat kang tulungan ng iyong doktor na gumawa ng desisyon.
- Ang mga taong may kainaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang gumaling bago tumanggap ng bakuna sa trangkaso. Kung ikaw ay may-sakit, kausapin ang iyong doktor o nars kung dapat o hindi na muling itakda ang pagbakuna. Ang mga taong may **banayad na sakit** ay karaniwang maaaring tumanggap ng bakuna.

## 6

### Ano ang mga panganib mula sa pinatay-na-virus na bakuna sa trangkaso?

Ang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay puwedeng maging sanhi ng mga seryosong problema, tulad ng malubhang reaksiyong alerhiya. Napakaliit ang panganib na maging sanhi ng seryosong pinsala, o kamatayan, ang bakuna.

Bihirang magkaroon ng mga seryosong problema mula sa pinatay-na-virus na bakuna sa trangkaso. Ang mga virus sa pinatay-na-virus na bakuna sa trangkaso ay pinatay na, kaya hindi ka magkakaroon ng trangkaso mula sa bakuna.

#### Mga banayad na problema:

- panghahapdi, pamumula, o pamamaga sa bahagi ng katawan na binakunahan
- pamamaos; masasakit, namumula o nangangating mata; ubo
- lagnat • pananakit

Kung mangyari ang mga ito, karaniwang nagsisimula agad pagkaraan ng bakuna at tumatagal ng 1-2 araw.

#### Malulubhang problema:

- Ang mga mapanganib-sa-buhay na reaksiyong alerhiya mula sa mga bakuna ay bihira. Kung mangyari ito, ito ay sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkaraan ng iniksiyon.
- Noong 1976, ang isang partikular na uri ng bakuna sa trangkaso (swine flu) ay iniugnay sa Guillain-Barré Syndrome (GBS). Mula noon, ang mga bakuna sa trangkaso ay hindi malinaw na naiugnay sa GBS. Kung may panganib ng GBS mula sa mga kasalukuyang bakuna, ito ay hindi hihigit sa 1 o 2 kaso kada milyong taong binakunahan. Ito ay mas mababa kaysa sa panganib na magkaroon ng malubhang trangkaso, na mapipigilan ng pagbakuna.

## 7

### Paano kung may malubhang reaksiyon?

#### Ano ang dapat kong hanapin?

Anumang di-pangkaraniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat o mga pagbabago sa asal. Sa mga palatandaan ng malubhang reaksiyong alerhiya ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso o pagkahilo.

#### Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras na nangyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Sabihin** sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwede mong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa [www.vaers.hhs.gov](http://www.vaers.hhs.gov), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

Ang VAERS ay hindi nagkaloob ng payong paggamot.

## 8

### Ang Pambansang Programang Pagbabayad ng Pinsala ng Bakuna

Ang isang pederal na programa ay nilikha upang tumulong na bayaran ang pangangalaga ng nagkaroon ng seryosong reaksiyon sa isang bakuna.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pambansang Programang Pagbabayad ng Pinsala ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program), tumawag sa **1-800-338-2382** o bisitahin ang kanilang website sa [www.hrsa.gov/vaccinecompensation](http://www.hrsa.gov/vaccinecompensation).

## 9

### Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Itanong sa inyong tagapagkaloob ng pangangalaga. Sila ay puwedeng magbigay sa iyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa [www.cdc.gov/flu](http://www.cdc.gov/flu)



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES  
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION

